BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
bantaybalitanews59@gmail.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 3 NO. 12 10.00 DECEMBER 16 - 22, 2024

# Cavite POGO sarado na!



Kawit, Cavite -- Noong Martes, Disyembre 17, sumailalim sa mabusising inspeksyon ang Philippine Offshore Gaming Operator (POGO) hub sa Barangay Polburista ng bayang ito -- na dati ay kilalang Island Cove Resort.

Naibenta ang resort na dating pag-aari ng pamilya Remulla noong 2017, ayon sa balita ay mahigit sa isang bilyong piso sa isang di-pinangalanang Chinese-Filipino na may interes sa negosyong POGO.

*Sundan sa pahina 2*



Handang sagutin sa hukuman nina Sen. Bong Go, Sen. Bato dela Rosa at dating Pres. Rodrigo Duterte sakaling maisampa ang kasong kriminal na inirekomenda ng House Quad Comm laban sa kanila.

Nang dumalo si Duterte sa pagdinig ng Quad Comm, hinamon niya ang mga mambabatas na kasuhan siya sa ipinatupad niyang all-out war laban sa ilegal na droga. Kabuuang istorya sa pahina 2.

# #BSPScamAlert

Nagbabala ang Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) na ireport ang mga kahina-hinalang tao o grupo na gumagamit ng pangalan o logo ng BSP.

Sa ulat na tinanggap ng pahayagang ito noong Martes, Disyembre 17, nagbilin ang BSP sa publiko na maging maingat at mapanuri sa mensahe o dokumento na may tatak ng logo at pangalan ng BSP.

Upang makaiwas na ma-scam, hinikayat ng BSP na magreport agad sa sumusunod:

Bangko Sentral ng Pilipinas
Address: A. Mabini St. cor. P. Ocampo St., Malate, Manila, Philippines
Contact Number: (+632) 8811-1277 or 8811-1BSP
E-mail Address: bspmail@bsp.gov.ph

Maaari ring i-report ang mga scammers sa pamamagitan ng mga sumusunod:

• DICT-Cybercrime Investigation and Coordinating Center: https://cicc.gov.ph/report/
• PNP Anti-Cybercrime Group Complaint Action Center: https://acg.pnp.gov.ph/contact-us/

Nagbilin din ang BSP na agad kumontak sa mga opisyal ng inyong bangko o e-money issuer kung nakumpromiso ang account o credit card ng isang depositor,

Tingnan ang directory ng mga consumer assistance channels: https://www.bsp.gov.ph/.../Inclus.../Consumer AffairsDir.aspx

O kaya, kumontak sa BSP na gamit ang BSP Online Buddy o BOB.

Makakausap si BOB sa pamamagitan ng mga sumusunod:

1. I-click ang BOB icon sa BSP website (www.bsp.gov.ph)
2. Mag-chat sa Facebook Messenger ng BSP (https://www.m.me/BangkoSentralngPilipinas/)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa BSP Consumer Assistance Mechanism, bisitahin ang: https://bit.ly/BSPCAM

# ASIN Center: Bubuhay at magpapasigla sa industriya ng asin sa bansa

Itinatag sa pangangasiwa ng Department of Science and Technology (DOST) ang Accelerating Salt Research and Innovation (ASIN) Center sa Pangasinan State University (PSU) upang muling pasiglahin ang unti-unti nang namamatay na industriya ng asin sa bansa.

Ayon kay DOST Undersecretary for Regional Operations, Engr. Sancho A. Mabborang na bumisita sa PSU campus sa Binmaley Pangasinan na doon itinayo roon ang ASIN Center upang ituon ang buong pansin sa pagbubuo ng mga makabagong paraan ng pagggawa ng asin, at kung mangyari ito, lumikha ng mga bagong pamilihan nito.

Kasama ni USec. Mabborang sina DOST 1 Regional Director, Dr. Teresita A. Tabaog, at PSTO-Pangasinan Provincial Director, Engr. Arnold C. Santos sa pagbisita lugar at pinansin ang nakitang masiglang pagpapatupad sa layunin ng pagkatayo ng ASIN Center.

Sa mensahe ni Dr. Elbert M. Galas, presidente ng PSU, malugod niyang pinasalamatan ang DOST at ang lahat ng katuwang na ahensiya, pati ang State Universities and Colleges (SUCs) na sa PSU itinayo ang ASIN Center.

*Sundan sa pahina 2*








*Bagong Php Peso Bill na inilabas ng BSP.*

## PhilHealth: P138M hindi para sa Christmas party

see P.5

# QuadComm wants Duterte, Bato, Go charged over drug war deaths

The House Quad Committee (QuadComm) lead chairperson Surigao del Norte Rep. Ace Barbers on Wednesday recommended the filing of charges against former President Rodrigo Duterte, Senators Bato dela Rosa, Bong Go, among others over the drug war deaths during the Duterte administration.

Barbers said Duterte, dela Rosa, Go violated Republic 9851 or the Philippine Act on Crimes Against International Humanitarian Law, Genocide and Other Crimes Against Humanity.

The House Quadcom panel also named police chiefs Oscar Albayalde and Debold Sinas, retired Police Colonels Royina Garma and Edilberto Leonardo as well as former Palace Assistant Irmina "Muking" Espino as "cohorts" in the deaths linked to Duterte's anti-drugs campaign and the crimes related to the operations of the Philippine Offshore Gaming Operators (POGOs).

See page 5

# Cavite POGO sarado na! *mula sa pahina 1*

Sa pangunguna ni Interior Sec. Jonvic Remulla, siniyasat na mabuti ng Technical Working Group (TWG) ng Anti-Illegal Offshore Gaming Operations ang mahigit sa 33-ektaryang POGO hub upang tiyakin na maayos na naipatutupad ang Executive Order 74 ni Pres. Bongbong Marcos na ipasara ang lahat ng establisyemento na sangkot sa ilegal na offshore gaming activities.

Sumaksi sa inspeksiyon sina Philippine National Police (PNP) Chief Rommel Francisco Marbil, PAGCOR Chairman at CEO Alejandro Tengco, Usec. Gilbert Cruz (Executive Director, PAOCC), Attorney Joel Anthony M. Viado (Commissioner, Bureau of Immigration), Police Colonel Dwight Alegre, Cavite Province Police Office director; Police Brig. Gen. Paul Kenneth T. Lucas, Region 4-A (Calabarzon) police director, at PNP Public Information Officer, Police Brig. Gen. Jean Fajardo at mga kinatawan ng pambansa at lokal na media.

Ayon kay PAGCOR chief Tengco,seryoso ang gobyerno sa pagsasara sa lahat ng POGO operation sa bansa, ayon sa atas ni PBBM na binanggit ntio sa ikatlong State of the Nation Address (SONA).

Ani Tengco: "Nandito tayo ngayon para ipakita sa ating mga kababayan na aming ipinatutupad ang utos ng ating Pangulong Bongbong Marcos. Yong Executive Order 74 na binanggit niya sa kanyang SONA, na tuluyan nang isara ang lahat ng mga establisyemento na involved sa offshore gaming operations."

Sinang-ayunan ito ni Sec. Remulla na sinabi: "Tulad ng ipinangako, ngayong Disyembre narito kami upang ipakita sa inyong lahat na ating susundin ang direktiba ng Pangulo."

Walang nakita ang TWG na mga gamit o gadgets sa loob ng Kawit POGO hub.

"Mula noong naibenta ito noong 2017, ngayon lamang muli akong nakabalik dito," sabi ni Remulla.

Nilagyan ng 'Notice of Foreclosure"ang lugar bilang patunay na tuluyang tuluyang natigil na ang operasyon ng POGO sa dating Island Cove Resort./Reyland Lopez

# ASIN Center... *mula sa pahina 1*

Angkop lamang, sabi ni Dr. Galas na sa Pangasinan itinyo ang Center, ito ay dahil ang lalawigan ay kasingkahuluganb ng salitang "Panag-asinan" na ang ibig sabihin, "'kung saan ginagawa ang asin."

Ipiniresenta ni Dr. Teresita A. Tabaog, Regional Director of DOST 1 sa mga bumisita ang magagandang akomplishment ng OneASIN Program.

Aniya, sa tulong ng DOST at mga katuwang nito, napakalaki ng pag-asa na makalilikha ng malaking produksiyon ng asin sa bansa.

"xxx we are actually giving hopes to increase the salt production in the country which will benefit the entire value chain," sabi ni Dr. Tabaog.

Pinasigla ni USec Mabborang ang mga nangangasiwa sa ASIN Center sa pagpuri sa nakitang pagsisikap na mapaunlad ang industriya ng asin sa bansa.

"Marami na po kayong nagawa but we need to accelerate things with your excellent pool of experts, not for us, not for you, but for the community," wika ni Mabborang.

Sumaksi sa aktibidad ang katuwang ng Center tulad ng DMMMSU, MMSU, PRMSU, mga kinatawan ng ASIN Center Steering Committee, BFAR, DENR, TESDA, DTI, DOST, Provincial Government of Pangasinan, at DOST-PCIEERD.

Tuloy-tuloy ang DOST sa pagkakaloob ng mga angkop na solusyon at sa pagbubukas ng mga oportunidad sa tulong ng siyensiya, at inobasyon. /Bernalyn Martinez, Brenn Justin Guevarra, BantayBalita News Desk

# Solid Kap, Balimbing Kap na ngayon?



**BUSISIIN NATIN**

★ Tom Halim

Mga opisyal pa raw ng Solid Kap ang ngayon ay bumalimbing na, kaya marami sa kapwa nila Kapitan ng Barangat ang nanggagalaiti sa pagkainis.

Ayon sa aking palaka, sinabi na isa sa bumaligtad sa Solid Kapîtan ng Dasmarinas City, ang noong una ay nangunang magpahayag ng suporta ( SUPORTAHAN NATIN SI KAP) matapos magpaalam ang kanilang presidente na tatakbong provincial board member para sa 4th District sa halalan 2025.

Ang masakit daw sa mga tapat sa grupo, tumiwalag na nga raw nagbuo ng samahan, ito ay nagbuo ng isa pang grupo at nangungumbinsi na samahan siya ng ilang talunnang Kapitan.

Akala n'yo natutuwa ang mga tumalo sa inyong Kapitan?

Sa ganitong pag-uugali ng isang politiko, hindi na siya muling mapagkakatiwalaan, dahil siya mismo ang magpapahamak sa inyo -- sa madaling salita pula-puti, ha ha ha ha.

@@@



Isa sa pinakamatatag na politiko sa Dasmarinas City ay si Konsehal Rudy dahil ni minsan, hindi siya nakatikim ng pagkatalo, lagi siyang panalo sa halalan.

Wala ni isang negative issue laban kay incumbent City Councilor Lara, kaya hindi nakapagtataka na siya ay nahalal na Top No. 1 noong 2022 national and local elections.

Bukod sa tunay na masipag sa pagganap ng tungkulin bilang chairperson ng mga komite sa Sangguniang Panlungsod, naipakita ni Councilor Lara ang katapatan niya sa kanyang local political party.

At sa pagiging tapat nito sa partido, hindi siya kailanman naglakas ng loob na kumalaban sa kanyang mga kasamahan,

Kung ano lamang ang ipinagkaloob sa kanya na pwesto, iyon na iyon, sabi nga, bagamat Board Member.

Hindi mapagdudahan si Konsehal Lara ay tunay na dignidad at paninindigan at karangalan ng Lunsod ng Dasmarinas.

@@@





Nagdaos kamakailn ng kanilang One Year Anniversary ang Restless Motorcycle Club (RMC)na ginanap sa Baler, Quezon province.

Sa mga larawang ito ang mga opisyal at miyembro ng RMC na ang marami sa kanila ay matatagumpay na negosyante.

Sa panahon ng kalamidad, emergency situations, laging handa sa pagtulong ang RMC, kaya kami rito sa BantayBalita ay mainit na nagpapaabot ng mainit na pagbati sa inyong Unang Taong Anibersaryo.

Mabuhay ang Restless Motorcycle Club.

Ano pa ang hinihintay nyo, I-Restless na yan!

Sa ating mambabasa, katropa, happy holidays po sa ating lahat!

# Ayuda, effective sa elections: Sen. Bato



AY, BUHAY
★ Liza Fe BONETE

Happy holidays po, at maraming salamat sa minamahal naming tagatangkilik ng BantayBalita -- the fastest growing weekly paper in Cavite.

Thank po sa aming publisher, Sir Domz B. Caoile sa tiwala, at sa aming Lolo Eli Taparan, editorial consultant cum central news desk top man, sa matiyagang pag-eedit ng aming 'masterpiece.'

Mag-marites muna tayo:

Isa raw city mayor ang nagtatampo kasi, 'yung anak niyang babae, hindi kinuhang opisyal na kandidato sa isang mataas na posisyon sa Kapitolyo.

E, hindi na raw iginagalang ang tinatawag na "equity of the incumbent" ng mga bossing at ang kanilang kaanak ang pinatakbo sa 2025 midterm elections.

Sa June, next year, floating na ang incumbent Cavite top official, at magpapahinga muna, pero ang balita, ia-appoint daw na assistant secretary ng isang national agency.

@@@

Thank you raw po kay Imus City Mayor Alex 'AA' Advincula sa pag-estima sa tropang Cavite Press Corps at sa aming BantayBalita publisher, Sir Domz Caoile nang mag-courtesy call sa kanyang magandang opisina sa new Imus City government center.

Kahit abala sa maraming bisita at miting sa city government employees, nagkaroon ng oras si Mayor AA.

At may pabaon pang pang-meryenda na sana ay sasamahan ni Mayor, kaso nga, sobrang busy.

Muli, mula sa CPC at BantayBalita, maraming salamat, Mayor Advincula.

@@@

Kahit kakampi, talo-talo na, kaya inis si dating Senador, now DepEd Sec. Sonny Angara, kasi, P737-B na lang ang badyet niya sa 2025.

Sa Art.XIV Sec 5 (5) ng ating 1987 Cory Constitution, ito ang nakasulat: "The State shall assign the biggest budgetary priority to Education."

Nawala sa DepEd: P12-B na sa huling balita, sinabi ni Pres. Bongbong Marcos, rerebyuhin niya ang isinabmit na 2025 budget ng Kongreso.

Sabi ni Kabayang Ping Lacson, unconstitutional ang DepEd budget cut at dapat itong ibalik sa Kongreso, at sabi ni Sen. Bato dela Rosa, ang mga kongresistang mahilig sa AKAP ay gagamiting legal vote buying iyon.

"'Very useful' for elections," sabi ni Sen. Bato.

@@@

May nagtanong, ano raw ba ang mga akomplishment ni Sen. Bong Revilla para mabusisi kung dapat uli siyang iboto sa 2025.

Hindi ko masagot, kaya ang payo ni Lolo Eli Taparan, kontakin daw si Portia Ilagan na isa sa magaling na staff member ni Sen. Revilla.

@@@

May bago na ba tayong presidente, Sir Domz?


Kasi, nabasa ko ito: Romualdez, nagdeklara nagdeklara ng 'all-out war' laban sa tiwali at mapagsamantalang negosyante.

Si PBBM ang dapat nagsasabi nito, hindi ang pinsang House Speaker Martin Romualdez.

Ay, baka nga totoo, sabi na si Martin R. ang de-facto PH president.

Aywan, bahala kayo at magtatrabaho muna ako, ayaw kong pumili sa AKAP, TUPAD at iba pang ayuda.

# Bagong Bailen, OK sa COA



MAKIKIRAAN PO!
★ Janet W. BILBAO

Maayos, ginastos nang tama ang pondo ng munisipalidad ng Gen. Emilio Aguinaldo (Bagong Bailen)!

Walang anomalya, maayos na nagastos sa tamang proyekto ang buwis ng mamamayan, at mali, peke ang mga bintang na masama ang kalagayan ng pinansiya ng munisipalidad, ayon sa mismong report ng Commission on Audit (COA).

Kaugnay nito, nagbabala si Mayor Dennis Glean sa mga kababayan na maging mapanuri sa mga balita o "marites" na ikinakalat sa social media at sa mga usap-usapan.

Totoo, sabi ni Municipal Treasurer na bumaba ang nalikom na buwis ng pamahalaang lokal noong 2023 na mayroon lamang Php108,567,245,00 kumpara noong 2022 na kumubra ng Php126,934,548.00.

Nangyari ito, sabi ng Municipal Treasurer dahil sa huminang aktibidad ng ekonomiya, dulot ng pandemyang Covid-19.

Sa kabila nito, ," xxx ang ating munisipalidad ay nakapagtala pa rin ng pagtaas sa lokal na pinagkukunan ng kita."

At ang mahalaga at maganda, sabi ng g Ingat-Yaman ng Bagong Bailen na "wala ni isang Notice of Suspension, Disallowance, o Charge ang naibigay sa ating Munisipalidad para sa taon."

At ang ibinigay ng COA sa munisipalidad sa pamumuno ni Mayor Glean, ay isang a "Unqualified Opinion" na ang ibig sabihin, nakasunod ang pamahalaang lokal sa mga ipinatutupad na pamantayan ng financial reporting framework.

Sa diretsang salita: Walang nakitang anomalya sa paggastos sa pera ng taumbayan.

Walang nakitang malaking pagkakamali sa paraan ng paggamit ng publikong pondo.

Ang "unqualified opinion" na ibinigay ng COA sa g GEA-Bagong Bailen ay ang pinakamataas na rating na maaaring matanggap ng isang ahensya ng pamahalaan.

Kaya, pwede po ba, tumigil na ang nagpapakalad ng fake news laban sa pamahalaan ng Bagong Bailen, pakiusap ni Mayor Dennis.

Tama po ang alkalde, 'wag politikahin ang publikong yaman ng munisipalidad ng Bagong Bailen, at para sa lalong pagliliwanag, bisitahin ang ...

@@@

Sa China, inexecute (pinatay sa firing squad o sa lethal inhection) si Li Jianping dahil sa korapsiyon.

Isang top official ng gobyerno ni Prez. Xi Jinping si Li pero death penalty agad ang hatol sa kanya.

Sana sa atin, ibalik ang death penalty at maging kamay na bakal sa mga korap.

Kakainggit ang justice sa China, basta korap ka, kulong o bitay ang sukli sa pandarambong doon.

# Clemency kay Veloso, posible

Pinag-aaralan na ng mga experto sa batas kung maaaring bigyan ng presidential clemency si Mary Jane Veloso, ang Pilipinang nakulong at naihanay sa death row ng Indonesia ng halos 15 taon.

Sa panayam kay Pres. Bongbong Marcos noong Huwebes, Dis. 19, sinabi niya na iiwan niya ang desisyon sa kanilang legal experts kung dapat nga niyang bigyan ng clemency si Veloso.

"Malayo pa tayo doon. We still have to have a look really at what her status is and, of course, we are aware of the request for clemency from her representative, of course, her family," ani Marcos.




BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

HENRY E. CAOILE
*Founder*
DOMZ B. CAOILE
*Publisher*
ELI TAPARAN II
*Editorial Consultant*
ADELA R. ZAMORA
*Special Projects Director*
JANETH W. BILBAO
*Circulation Manager*
GENE T. TAN
*Chief of Reporters*

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1,
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: bantaybalitanews59@gmail.com / taparaneliseo@gmail.com
lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369
ISSN No. 2984-8563

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# Sinaitenians celebrate Christmas and Thanksgiving traditions



Filipino-Canadians from the beautiful Sinait town in Ilocos Sur had an early Christmas celebration and family reunion last Dec 8 at Lochedale Community Hall in Burnaby.

The celebration is an annual get-together as part of the Sinaitenians cherished tradition of merry-making and annual thanksgiving celebrated during the December holiday seasons.

"Uray awan tayo lugar a Sinai, we will stilll celebrate the spirit of Christmas, said Lolo Pasky Flores in mixed Ilocano and English.

Darwin Ines said that the celebration is not only a family and friends reunion, but for the children who were waiting for the festive mood of Christmas holidays.

"Hindi lang ito pagtitipon naming magkababayan, kumustahan din at para sa kasiyahan ng mga bata," Darwin said.

To Pio Belarmino, every family reunion and get-together is a celebration of Thanksgiving.

"Bale pagpapasalamat namin ito sa mga biyaya na natatanggap ng aming mga pamilya dito sa Canada, at masayang pagse-share natin ng simpleng pagkain, inumin ng bawat isa," Pio said.

"Espesyal ang Christmas, kaya tuwing December, nagtitipon kami, to meet and greet one another. Kahit malayo tayo sa ating bayan, pinanatili natin ang pagsasama-sama, kumustahan at pag-aala sa mabuting kapalaran natin dito sa Canada," Oscar Bautista said.

Roemer Cablayan said that he cherish family reunions and gatherings, saying, "This get-together keep us all Sinaitenians well-bonded, at tama lang na mapanaliti natin ang ating kultura at maipasa ito sa ating mga anak at mga apo."

The simple festivity was successfully concluded with picture-taking, dancing and community singing.

Maraming salamat sa matagumpay na selebrasyon ng Sinaitenians of British Columbia, sa pangunguna ng aming mga opisyal: Darwin Ines, president; Pio Belarmino, vice president; Jhep Inovejas, secretary; Marci Flores, Sharon S, Yadao, treasurers; Edmond Baldivino, Erick Yago, Jiffie Yago, Shallow Yago, sgts-at-arms.

Most especially, we thanked our esteemed advisers and past presidents, Pasky Flores, Oscar Bautista and Roemer I. Cablayan.

The celebration lasted for about four hours with parlor games, singing and other good-natured activities, savoring the rich Filipino=Ilocano dishes like Papaitan Baka, Dinakdakan Baboy, Igado, Pinakbet, Roasted ig (Lechon), and other mouth-watering foods and drinks. /RR Cablayan






























*SideBar:*

## The Sinaitenians!

Our association, The Sinaitenians of Britisth Columbia, Canada was founded on November 15, 2015.

At present, we have 116 active members and counting.

We promote the famous tourist destinations in our lustrous town of Sinait in Ilocos Sur, namely: The Minor Basilic of St. Nicolas de Tolentino Church; Miraculous Apo Lakay Milagroso, and Lugo Beach Floating Cottages.

Garlic is Sinaitenians famous agricultural product, and the residents celebrate their Garlic Town Fiesta at Apo Lakay Milagroso every First of May.

We gave free garlic and vegetables seeds to some farmers and conduct tree-planting activity to preserve and propagate fruit trees and other plants to enrich our town's green forest.

Together with other Filipino-Canadians society, our association is very active in joining other Pinoy festivities. Specially during the Philippine Independence Day celebrations and other national holidays in our adopted Beautiful British Columbia.

# PhilHealth: P138M hindi para sa Christmas party

Sa opisyal na pahayag ng Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) sa Facebook account nito noong Disyembre 13, 2024, mariing pinabulaanan ang akusasyon na naglaan ito ng P138-milyon para sa gagawing Christmas party.

"This is to clarify Dr. Tony Leachon's post on his social media account maliciously accusing PhilHealth of excessive budget for its Christmas party. It is unfortunate that he is misinformed," sabi ng ahensiya.

Isang health advocate, si Dr. Leachon ay naglabas ng naturang breakdown ng pondo ng PhilHealth sa pamamagitan ng isang Facebook at X post noon ding Biyernes na tinukoy ang umano ay inilaang P138-M ng PhilHealth sa Christmas party nito.

Iginiit ng PhilHealth na ito ay mariing sumusunod sa pagbabawal ng Malacañang na magdaos ng magarbong selebrasyon ng Kapaskuhan.

Sumusunod ang ahensiya sa atas na magdaos ng simpleng pagsasaya sa Pasko, matapos ang magkakasunod na pananalasa ng mga bagyo sa bansa.

"We wish to clarify that PhilHealth is fully complying with the directive of Malacañang to scale down agency celebrations for the Christmas season," sabi ng PhilHealth.

Anito, naglabas ang ahensiya ng Management Advisory No. 2024-003 dated November 25, 2024 na may pamagat na :'A Call for Scaled-Down Christmas Celebrations,' which ordered all offices including regional offices to observe austerity measures in the conduct of such activities."

Ang kumalat na breakdown sa social media, paliwanag ng PhilHealth ay y pondong inilalaan para sa idaraos na ika-30 anibersaryo sa 2025.

Hindi iyon para sa Christmas party, sabi ng PhilHealth.

Ang pondo na ipinoste ni Dr. Leachon sa social media ay hindi pa pinal, sabi ng ahensiya.

Nakalaan iyon, para sa 30th anniversary celebration of PhilHealth in 2025, " a milestone year anchored on the theme 'Panatag Kami Dito!'" sabi ng PhilHealth.

Gagawing pambansa sa loob ng isang taon ang selebrasyonb na dadaluhan ng mga kawani, mga kapartner at tagapagtaguyod na ahensiya.




"The approved activities are reasonable, budgeted following existing limits set by the Government, and will be procured under RA 9184. These activities aim to amount a meaningful observance of this milestone year, and will be leveraged to further engaged our members and stakeholders to drum up interest and awareness on the many reforms that the Corporation is pursuing especially on the enhancement of the benefit as envisioned in the Universal Health Care Law," saad ng PhilHealth.

Tiniyak ng ahensiya na mananatili itong bukas at lantad sa publiko sa paghawak ng pondo ng mga miyembro ng PhilHealth.

"PhilHealth assures the public that it is committed to transparency and prudence in the stewardship of the member's fund,"pahayag ng ahensiya. /Domz B. Caoile

# 3rd impeachment vs VP Sara inihain sa Kamara




Naisampa na ng 12 complainants sa Kamara ang ikatlong impeachment laban kay Vice President Sara Duterte.

Ang reklamong pagpapatalsik kay VP Duterte ay pinangunahan ni Atty. Amando Virgil Deligutan ay inendorso naman nina Camarines Sur Rep. Gabriel Bordado, Jr. at AAMBIS-OWWA Partylist Rep. Lex Collada.

Inakusahan si Duterte ng pagbalewala ng paglabag sa public trust, at pagtataksil sa Konstitusyon.

Tatalakayin ang ikatlong impeachment complaint ng Kamara sa Enero 13, 2025.

Nasa bakasyon ang mga mambabatas ngayong Kapaskuhan.

# Mahigit sa 15 milyong pasyente, natulungan ng Malasakit Centers Program

Sa pagdinig ng Senate Committee on Health, sinabi ng Department of Health (DOH) na umabot sa 15 milyong Pinoy ang nabigyan ng tulong ng Malasakit Centers Program.

Ito ang "one-stop shop for medical assistance" na nalikha ng batas na inakda ni Sen. Bong Go.

Ayon kay Health Sec. Ted Herbosa, sa komite ni Sen. Go na chairman ng komite na dumaami sa kasalukuyan ang mahihirap na maysakit na tinutulungan ng Malasakit Centers.

Dahil dito, sinabi ni Sen. Go na tutulungan niya na madagdagan ang pondo ng DOH alang-alang sa mahihirap na pasyente.

Ikinatuwa rin ni Go ang garantiya ng DOH na walang tatanggihan kahit na isang pasyente na dudulog sa Malasakit Centers.

Mayroon nang 166 Malasakit Centers sa buong bansa ang mga kinatawan ng DOH, PhilHealth, PCSO, at DSWD.

"Bakit pa natin pahihirapan ang mga Pilipino? Pera naman nila 'yan!

Ibinalita naman ng DSWD na maaaring makakuha ng medical assistance o guarantee letters ang mga pasyente mula mismo sa Malasakit Centers.

Pinasalamatan ni Go ang DOH at DSWD sa malaking tulong sa bayarin ng mahihirap na kababayan./ Ma. Evita Rosa Taparan




# Php40 kilo ng bigas, mabibili sa NCR

Pwedeng maibenta ng rice importers at trader sa Bulacan na ibenta sa Php40 kilo sa iba't ibang palengke sa Metro Manila simula sa susunod na linggo.

Ayon kay Celestino Marquez, pangulo ng Intercity Rice Mills and Traders sa Balagtas, Bulacan maaaring ibenta ang bigas nila na deretso sa mga tao sa halagang Php40 hanggang Php45 kada kilo.

"Isasakay po namin ang aming mga bigas sa mga truck at paparada po kami sa mga palengke sa Metro Manila," sabi ni Marquez.

Ikinatuwa ito niAgriculture Secretary Francisco Laurel na sinabi: "This is good news pero paplantsahin pa namin kung ilang kilo ang pwedeng bilhin araw-araw ng mga tao."

Kailangan pang gawin, sabi ni Laurel na mabigyan ng permit (rice traders) na magbenta ng tingi o di kaya ibagsaka sa 250 DA stalls sa NCR markets ang bigas ng tropa ni Marquez.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
Fourth Judicial Region
Regional Trial Court
Office of the Clerk of Court
Imus, Cavite

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (Pag-IBIG Fund),**
Mortgagee,

-versus- Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage Under Act No. 3115, as Amended, Republic Act No. 4118

**JOEL J. TUMANDA,**
Mortgagors **FC CASE NO. 19218-24**
x---------------------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (Pag-IBIG Fund),** mortgagee, with office address at The Petron Mega Plaza Bldg. No. 358 Sen. Gil Puyat Ave., Makati City, against **JOEL J. TUMANDA** with residence address at Lot 20 Block 12 Villa Eusebio, San Miguel, Pasig City and/or Lot 2 Block 1 Dreamville II Subdivision, Brgy. Carsadang Bago, Imus, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of September 23, 2024 amounts to SIX HUNDRED SEVENTY NINE THOUSAND ONE HUNDRED SEVENTY FOUR PESOS & 93/100 (P 679,174.93) Philippine Currency, including interest and penalty charges, but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff IV will sell at Public Auction on January 21, 2025 at 10:00 a.m. or soon thereafter at the main entrance of the Office of the Clerk of Court, Bulwagan Ng Katarungan, Aguinaldo Highway, Imus, Cavite, to the highest bidder for cash and in Philippine Currency, the following property with all the improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-1327812**

"A parcel of land (Lot 2, Block 1 of the subdivision plan, Psd-04-197970, being a portion of Lot 1181, Imus Estate, LRC Rec. No. 8843), situated in the Brgy. of Carsadang Bago, Mun. of Imus, Province of Cavite, Island of Luzon. Bounded on the E., along line 1-2 by Lot 3, Block 1, of the subdivision plan; on the S., along line 2-3 by Lot 1180, Imus Estate; on the W., along line 3-4 by Lot 1, Block 1; and on the N., along line 4-1 by Road Lot 1, (6.50 Meters Wide), both of the Subdivision plan. x x x containing an area of THIRTY SIX (36) SQUARE METERS. x x x"

All sealed bid must be submitted to the undersigned on the stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on January 28, 2025 at 10:00 a.m. without prior notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, November 12, 2024.

**(Sgd.) ANSELMO P. PAGUNSAN, JR.**
Sheriff IV

Approved:

**(Sgd.) ARMIE A. FRANCISCO**
Clerk of Court VI

Copy Furnished:

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (Pag-IBIG FUND)**
The Petron Mega Plaza Bldg., No. 358 Sen. Gil Puyat Ave., Makati City

**POMPEYO P. MAYNIGO**
Vision Credit & Collection Services Incorporated
JRDC Building 117 Sen Gil J. Puyat Ave. Pasay City

**JOEL J. TUMANDA**
Lot 20 Block 12 Villa Eusebio, San Miguel, Pasig City
Lot 2 Block 1 Dreamville II Subdivision, Brgy. Carsadang Bago, Imus, Cavite

***BANTAYBALITA News Publishing Services***
***December 9, 16 & 23, 2024***

# Gawing bagong Cavite EPZA... 

*mula sa p.8*

Natatandaan nyo ang "Pastillas scam" sa Immigration, ang pamemeke ng mga foreigner para magkaroon ng Philippine citizenship.

Sabi ni Gov, este Sec. Jonvic, mula nang maibenta ang dati nilang property, hindi pa niya napasok ito, at noon nga lang Martes niya nakita ang lugar na nagulat siya.

Mayroon nang nakatayong 57 buildings sa mahigit na 30-ektarya, at sa kainitan ng pasugalang ito na gamit ay online betting, nag-empleyo ito ng kulang o higit sa 15,000 Pinoy at 15,000 din na Chinese nationals.

Kami ng tropa ay pinayagang makapasok sa mga building ay mayroon itong restoran, salon, park, grocery, mga online gambling machines, at mga tirahan ng mga employees at marami pang ibang activities para sa mga dayuhan.

Nabatid namin, itong Island Cove ay legal, may kaukulang permit mula sa PAGCOR, sa local government ng Kawit at maging sa Kapitolyo, at kakaiba sa ibang POGO, hindi nasangkot sa anomang illegal activities.

Paano ang mga kapwa natin Pinoy na bilang naging jobless sa pagsasara ng POGO?

Sinabi ni Sec. Remulla na priority na matanggap sa mga alok na trabaho sa Cavite Job Fairs ang mga naging jobless, at ginagawa na ito ng Department of Labor and Employment (DOLE) at ng Department of Trade and Industry (DTI).

Yun mga Chinese nationals, ayon sa report ay umalis na sa bansa, kasi nga, yung hawak nilang working visa ay napalitan na ng tourist visa.

Pinag-aaralan na kung paano maipasasakamay ng gobyerno ang mga POGO hub na naipasara na, ayon sa spokesman ng Malakanyang.

Kailangan na idaan sa proseso ang mga pag-aaring ito, at hindi basta-basta lang makukumpiska na tulad ng ginawa noon ng Presidential Commission on Good Government (PCCG) ng administrasyong Cory Aquino.

Acquired legally ang mga POGO, hindi ill-gotten at may permiso ng PAGCOR, at kung maging sa gobyerno na, magandang gawin ay tayuan ng mga pabrika o kompanya na pauupahan sa mga foreign investors.

May nagsabing gawing katulad ng Cavite EPZA sa Rosario... aba, magandang idea ito.

Ano kaya ang masasabi ni Sec. Jonvic at Justice Sec. Boying Remulla?

Pwede nilang mairekomenda ito kay PBBM nang magkatrabaho ang maraming jobless Caviteno, tama po ba?

Para sa inyong komento: bantaybalitanews59@gmail.com

**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE SPOUSES MELQUIADES P. BAYAS AND LIBRADA P. BAWALAN - BAYAS**

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE SPOUSES MELQUIADES P. BAYAS WHO DIED ON OCTOBER 23, 2001 IN DE LASALLE UNIVERSITY MEDICAL CENTER, DASMARIÑAS CITY, CAVITE AND LIBRADA P. BAWALAN-BAYAS WHO DIED ON JANUARY 27, 2010 IN BRGY. BANAY-BANAY, AMADEO, CAVITE LEFT A PARCEL OF LAND LOCATED AT HALANG, AMADEO CAVITE, IDENTIFIED AS TAX DECLARATION NO. 02-0017-00703 CONTAINING AN AREA OF THIRTY THOUSAND SIX HUNDRED SEVENTY TWO (30,672) SQUARE METERS EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. CESAR N. SANTIAGO UNDER DOC. NO. 336 PAGE NO. 68 BOOK NO. XXIV SERIES OF 2020 NOTARIZED DATE: SEPTEMBER 01, 2020

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 16, 23 & 30, 2024**

**AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION OF ESTATE OF CATHERINE C. BONZON DEFERIA**

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **CATHERINE C. BONZON DEFERIA** WHO DIED ON AUGUST 18, 1993 AT MAKATI METRO MANILA LEFT A PARCEL OF LAND COVERED BY TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-271 274 SITUATED IN THE MUNICIPALITY OF CARMONA, PROVINCE OF CAVITE WITH AN AREA OF ONE HUNDRED FIFTY (150) SQUARE METERS, EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. GLEN ARCHIBALD A. VARGAS UNDER DOC. NO. 414 PAGE NO. 83 BOOK NO. IV SERIES OF 2024 NOTARIZED DATE: DECEMBER 09, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 9, 16 & 23, 2024**

# QuadComm...

*from page 2*

Barbers said that the House panel investigation brought to light a harrowing narrative of abuse of power and institutional impunity during the Duterte administration.

"Witness testimonies corroborated by evidence revealed a system that incentivized the killing of suspected drug personalities: a system modeled after the so-called Davao template and replicated nationwide," Barbers said.

As of this writing, the Duterte camp has yet to issue official statement on the House quad recommendation to file criminal charges against them.

**Advertise with us!**
We are now offering publication of legal requirementsy for:
* Extra-Judicial Notices * Self-Adjudication *Correction in Live Births *Correction in Names and Surnames* Affidavit of Loss* Obituaries, and other legal notices, notarial services and other publication needs.
Email us at domzcaoiile@yahoo.com; taparaneliseo@gmail.com; sarfia926@gmail.com; arzmedia777@yahoo.com; or text/call: 0927-489-0759 /0928-940-6369.
Please contact us for inquiries.

**AFFIDAVIT OF SELF-ADJUDICATION**

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **ANTONIA BAY** WHO DIED ON JANUARY 05, 1986 IN AMADEO, CAVITE LEFT A PARCEL OF LAND SITUATED IN POBLACION 12, AMADEO, CAVITE COVERED BY TAX DECLARATION NO. AA-02-0012-00274 EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. CHERYL D. ALSIM, CPA UNDER DOC. NO. 5567 PAGE NO. 70 BOOK NO. XXXI SERIES OF 2024 NOTARIZED DATE: JULY 17, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 9, 16 & 23, 2024**

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
City of Bacoor
Email: rtc1bcrocc@judiciary.gov.ph.
Telephone No. 09273707489

**CHINA BANKING CORPORATION,**
Mortgagee,

**Foreclosure No. 2024-219**
-versus- For: Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage

**SPS. CECILIO L. CENABRE AND HIDELIZA T. CENABRE,**
Mortgagors.
x----------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA JUDICIAL FORECLOSURE**

Upon Extra-judicial Petition for Sale under Act 3135 as Amended by Act 4118 filed by the mortgagee, **CHINA BAKING CORPORATION,** at 8745 Paseo de Roxas cor. Villar St., Makati City, and against the mortgagors, **HIDELIZA T. CENABRE for herself and as Attorney-in-Fact of her husband CECILIO L. CENABRE** at Block 11 Lot 50, California West Hills Subdivision, Buhay na Tubig, Imus, Cavite, 4103 and Lot 2 Block 1 PCS-193, Bellazona-Navarre Townhomes Phase 1A, Barangay Molino III, Bacoor City, Cavite 4102, to satisfy the mortgagee indebtedness which as of November 04, 2024, amounts to TWO MILLION TWO HUNDRED TWELVE THOUSAND TWO HUNDRED PESOS & 51/100 (P2,212,200.51), Philippine Currency, inclusive of interest, and penalty charges but exclusive of other feeS incident to this foreclosure, the undersigned or her duly authorized representative will sell at the public auction on January 21, 2025 at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter, at the main entrance of the Hall of Justice of Bacoor City, Cavite, to the highest bidder for CASH and In Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 167-2017002183**

**LOT NO:** 2 **PLAN NO:** PCS-04-028193
**PORTION OF:** LOT 5515-A-2, PSD-04-011354 AND LOT 5515-A-3-A AND 5515-A-3-B, PSD-04-173045; LRC REC. NO. 8843
**LOCATION:** BARANGAY OF MOLINO, MUNICIPALITY OF BACOOR, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON.
**AREA: SEVENTY SQUARE METERS (70), MORE OR LESS**

"All sealed bid must be submitted to the undersigned on the above stated time and date."

"In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on January 28, 2025, without further notice."

Prospective buyers or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances, if any there be.

City of Bacoor, December 10, 2024.

**(Sgd.) MELY C. HERMOSURA-VISTA**
Clerk of Court VI
By:
**(Sgd.) DEMETRIO T. VILLANUEVA, JR.**
Sheriff IV

Copy Furnished:

**ALCALA ALMEDA TAN ALANO MANINGDING ANASTACIO QUINTANILLA HOLGADO AND BRIONES (formerly ALCALA DUMLAO ALMEDA TAN ALAN ANG MANINGDING)**
4th Floor, Philcom Building 8755 Paseo de Roxas, Makati City

**SPS. CECILIO L. CENABRE AND HIDELIZA T. CENABRE**
-Block 11 Lot 50, California West Hills Subdivision, Buhay na Tubig, Imus, Cavite, 4103
-Lot 2 Block 1 PCS-193, Bellazona-Navarre Townhomes Phase 1A, Barangay Molino III, Bacoor City, Cavite 4102

***WARNING:*** *It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this notice of Extra-judicial Sale on or before the date of sale.*

***BANTAYBALITA Publishing Services***
***December 16, 23 & 30, 2024***

---

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
Regional Trial Court Of Cavite
Office of the Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff
New Justice Hall, J.P. Rizal Avenue, Kaybagal South, Tagaytay City

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (otherwise known as Pag-IBIG Fund),**
Petitioner-Mortgagee,

**EJF NO. TG-24-147**
-versus- FOR: Extra Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage under Act No. 3135, as amended by Act No. 4118

**POLICRONIO C. ESCALANTE JR.,**
Borrower-Mortgagor.
x--------------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-judicial foreclosure sale under Act 3135, as Amended by Act No. 4118, filed by Petitioner-Mortgagee, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (otherwise known as Pag-IBIG Fund),** a government financial institution duly organized and existing under and by virtue of Republic Act No. 9679, with principal office and place of business at The Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City pursuant to the terms and conditions of the Loan and Mortgage Agreement ("MORTGAGE") executed and notarized on August 09, 1999 by Borrower-Mortgagor, **POLICRONIO C. ESCALANTE JR.,** single, of legal age, Filipino, with residence and postal addresses at (1) Lot 29, Block 30, Soldier Hills, Muntinlupa City and (2) Lot 41, Block 29, Rancho Imperial de Silang, Tartaria, Silang, Cavite 4118, in favor of the Petitioner-Mortgagee, over a real estate property including improvements thereon, described in and covered by TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. (T-860195) 18125 of the Registry of Deeds for Tagaytay City, in order to satisfy the outstanding loan obligation of the Borrower-Mortgagor in the amount of THREE HUNDRED ELEVEN THOUSAND FIVE HUNDRED SIXTY-TWO PESOS AND 33/100 (Php311,562.33) inclusive of interest and other charges, as of May 7, 2024, the undersigned Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Cavite thru her deputy, Ryan M. Genova, will sell at public auction on January 09, 2025 at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter, at the New Hall of Justice of Tagaytay City, to the highest bidder, for Cash or Manager's Check and in Philippine Currency, the following property with all its improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. (T-860195) 18125**
**Registry of Deeds for Tagaytay City**

"IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land situated in the Mun. of Silang, Prov. of Cavite, bounded and described as follows:

A parcel of land (Lot 41 Blk. 29 of the cons./subd. plan Pcs-04-012899 being a portion of Lots 8014, 8015, 8017, 8018, Cad. 452-D, Silang Cad., Lots 8016-A to 8016-H, Csd-04-006071-D, Lot 15709-A, Csd-042118-012810-D & Lot Blk. 71, Pcs-04-011250, LRC Rec. No.), situated in the Brgy. of Tartaria, Mun. of Silang, Prov. of Cavite. Bounded on the NE., along line 1-2 by Lot 35; along line 2-3 by Lot 34; on the SE., along line 3-4 by Lot 42 all of Blk. 29 on the SW., along line 4-5 by Rd. Lot 33; on the NW., along line 5-1 by Lot 40 Blk. 29, all of the cons./subd. plan. Beginning at a pt. marked "1" on plan being S. 64 deg. 11 E., 5027.57 m. from BLLM No. 1, Cad. 452-D, Silang Cad.; thence S. 48 deg. 28 E., 3.29 m. to pt. 2; thence S. 52 deg. 32 E., 1.32 m. to pt. 3; thence S. 27 deg. 49 w., 9.64 m. to pt. 4; thence N. 53 deg. 49 w., 4.55 m. to pt. 5; thence N. 27 deg. 49 E., 9.98 m. to pt. 1; beginning, containing an area of FORTY FOUR (44) SQ. METERS. All pts. referred to are indicated on the plan and are marked on the ground by PS cyl. conc. mons. 15x60 cm.; bearings true; date of orig. survey Dec. 7, 1973 to Dec. , 1975 and that of the subd. survey Aug. 1-30, 1997 and was approved on Dec. 5, 1997.
is registered in accordance with the provisions of the Property Registration Decree in the name of*
POLICRONIO C. ESCALANTE JR., single, of legal age, Filipino."

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on January 16, 2024, without further notice.

Prospective bidders or buyers are hereby enjoined to investigate and verify for themselves the TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. (T-860195) 18125, the encumbrances thereon, if any there be.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

Tagaytay City, Philippines, October 28, 2024.

**(Sgd.) ATTY. VARBRA ANN A. VARIAS-DIMAYUGA**
Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff

(Sgd.) RYAN M. GENOVA
Sheriff-in-Charge

Copy Furnished:

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (otherwise known as Pag-IBIG Fund)**
Petitioner-Mortgagee
The Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen Gil Puyat Avenue, Makati City

**POLICRONIO C. ESCALANTE JR.**
Borrower-Mortgagor
(1) Lot 29, Block 30, Soldier Hills, Muntinlupa City
(2) Lot 41, Block 29, Rancho Imperial de Silang, Tartaria, Silang, Cavite 4118

**MARIA VICTORIA D. CAPIRAL**
**c/o PAULINO E. CASES JR.**
Attorney-in-Fact of the Petitioner-Mortgagee
CASES COLLECTION MANAGEMENT, INC.
c/o Cases Chun & Associates Law Offices
6th Floor JELP Business Solutions Building,
409 Addition Hills, Shaw Boulevard, Mandaluyong City

***WARNING:*** *IT IS ABSOLUTELY PROHIBITED TO REMOVE, DEFACE OR DESTROY THIS NOTICE OF SHERIFF'S SALE ON OR BEFORE THE DATE OF THE AUCTION SALE UNDER THE PENALTY OF LAW*

***BANTAYBALITA News Publishing Services***
***December 9, 16 & 23, 2024***

---

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE NENITA HERNANDEZ VERZON

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **NENITA HERNANDEZ VERZON** WHO DIED ON JUNE 16, 2024 AT SITIO SANTUSAN, BRGY. MANGGAHAN, GENERAL TRIAS, CAVITE LEFT A SAVINGS ACCOUNT BANK OF THE PHILIPPINE ISLAND (BPI) THE AMOUNT OF TWO HUNDRED FIFTY THOUSAND THREE HUNDRED THIRTY SIX PESOS TWENTY ONE CENTAVOS (PHP 250,336.21) WITH ACCOUNT NO. 8943-1127-39 BPI 0894 GEN.TRIAS EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO UNDER DOC. NO. 464 PAGE NO. 93 BOOK NO. 174 SERIES OF 2024 NOTARIZED DATE: NOVEMBER 18, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 9, 16 & 23, 2024**


## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **VIOLETA B. BATINGAL** WHO DIED ON OCTOBER 28, 2023 AT TANZA, CAVITE LEFT A PARCEL OF LAND DESCRIBED AS FOLLOWS TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-2012006471 SITUATED IN BRGY. MABACAO, MUNICIPALITY OF MARAGONDON, PROVINCE OF CAVITE, CONTAINING AN AREA OF THREE HUNDRED (300) SQUARE METERS TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-2014065031 SITUATED IN BRGY. OF MABACAO, MUNICIPALITY OF MARAGONDON, PROVINCE OF CAVITE, CONTAINING AN AREA OF ONE HUNDRED FIVE (105) SQUARE METERS, EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. JASPER C. SALES UNDER DOC. NO. 115 PAGE NO. 29 BOOK NO. 17 SERIES OF 2024 NOTARIZED DATE: DECEMBER 11, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 9, 16 & 23, 2024**

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
bantaybalitanews59@gmail.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 3 NO. 12 10.00 DECEMBER 16 - 22, 2024

# Gawing bagong Cavite EPZA ang isinarang Island POGO hub?




REVANZE

★ Domz B. CAOILE









Naging saksi kami, ang inyong BantayBalita at tropang Cavite Press Corps sa pamumuno ni Pres. Ross Calderon ng GMA News Network, nakita natin ang pormal na pagsasara (padlocked) ng pinakamalaking POGO hub sa bansa, ito ay sa dating Island Cove Resort sa Kawit, Cavite.

Noon kasing unang isinara ang pasugalang ito, marami ay nagduda, ano raw, palabas lamang at hindi totoo na sarado at nagpapatuloy pa rin ang POGO na ito.

Teka, ano raw ba ang ibig sabihin ng POGO, ito po ay Philippine Offshore Gaming Operator (POGO) na ayon sa batas, tanging mga foreigner lamang ang pwedeng maglaro dito -- bawal sa Pinoy itong POGO.

Ang pag-padlock sa dating Island Cove POGO hub (sa Barangay Polborista, Kawit) ay pinangunahan ng ating makisig na Interior and Local Government Sec. Jonvic Remulla, kasama si Philippine National Police (PNP) chief Gen. Rommel Francisco Marbil, Presidential Anti-Organized Crime Commission (PAOCC) Executive Director Gilbert Cruz, Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCOR) Chairman and CEO Alejandro H. Tengco, Brig. Gen. Kenneth Lucas, PNP Region 4-A director, ilang opisyal ng Cavite Province Police Office (CPPO) at ang Technical Working Group on offshore gaming operations ay nangyari noong Martes, Dec. 17.

Sa mga di nakakaalam, itong Island Cove ay dating pag-aari ng pamilya Remulla na ibinenta noong 2017 at ginawa ngang POGO hub ng nakabili.

Noon kasing Nobyembre, may karatula na nagsabing closed na, sarado na ang operasyon niyon, at nang minsang magpunta ang tropa namin, personal naming nakita, parang ghost town na iyon.

Wala nang katao-tao, mga security guard na lamang ang aming nakita, walang koryente at talagang abandonado na.

Ito rin nga ang sinabi ni Sec. Jonvic sa tropang media, aniya, noon pang November, wala nang kuryente 'yung mga buildings doon. Pinatay na.

"Makikita n'yo naman, wala nang signs of habitation dito, wala nang signs of business," sabi ni Jonvic, ang aming dating Cavite governor.

Matatandaan, noon kanyang 3rd SONA, iniutos ni Pres. Bongbong Marcos na isara ang lahat ng POGO operations sa buong bansa na ayon sa ginawang imbestigasyon sa Kongreso at sa Senado at ng PNP at ng PAGCOR, naging pugad ng kriminalidad ang POGO.

Nauso ang kidnapping, extortion at pagpatay ng Chinese sa kapwa niya Chinese, prostitution at iba pang irregularidad, kasama ang pagpasok ng mga puganteng Chinese sa bansa na kasangkot ang ilang opisyal ng Bureau of Immigration.

*Sundan sa pahina 6*

# Katropa, tara na, mag-relax tayo sa Dagisdis ng Maragondon

GUSTO nyo na takasan ang polluted na singaw ng klima at nakaririnding trapiko sa Metro Manila, may magandang pook na masarap na mag-relax at mag-enjoy dito sa Maragondon, ilang kilometro lamang mula sa Tagaytay City sa Cavite.

Siguradong enjoyment ang matitikman sa Dagisdis ng Maragondon na fresh na fresh at malamig na hangin mula sa maberdeng kagubatan at sa Mt. Buntis, Mt. Nagpatong at iba pang lugar na sabi ng mga nakarating ay super sulit ang nature at adventure trip!

Isa itong Dagisdis ng Maragondon ang ipinagmamalaki ng bayang ito, bukod sa marami pang pook pasyalan at kainang hahanap-hanapin at siguradong babalikan pa.

At ang garantisadong at komportableng serbisyo at akbitidad ay mayroon ang Dagisdis ng Maragondon.

May Free Wifi, buong araw sa sanlinggo sa mga restoran. at Free Tree Net Adventure.

Sa mahilig na mag-hiking, may Forest Trail at may palaruang Giant Spider Webs at masarap mag-swing sa Giant Hammock.

Eto pa, mga katropa: kaysarap samyuin ang halimuyak ng Flower Farm at sa mahihilig sa photography, mayroong 360 view Tore and View Deck at mayroong Bird Watchng, at Star Gazing.

Sa 3 Infinity Pools para sa mya overnight guests, masarap magbabad sa maligamgam na tubig.

Mayroon pa: Rope Course and Tunnel, Treetop Canopy, Camping Area, Bonfire Area at Picnic Area.

Bukas ang restoran mula 8am-6pm at lahat ng room may full aircon, at may malinis at mabangong comfort room, plus may common kitchen sa overnight guests.

At may cottages pa!

Para sa impormasyon, bisitahin ang Facebook Page ng Dagisdis --.

I-Google para malaman ang mabilis na biyahe patungong Dagisdis, na sabi ng mga reviews ay Good for Family and barkada outing adventure! /BantayBalita News Desk

